Nobyembre 7, 2023

# Sinisiumulan ng Lungsod ng Brampton ang proseso ng 2024 Badyet

*Iniimbitahan ang mga residente at negosyo sa Brampton na iparinig ang kanilang boses*

BRAMPTON, ON – Bilang bahagi ng pinakaunang Badyet ng Mayor ng Lungsod ng Brampton, iniimbitahan ang mga residente at negosyo na ibahagi ang kanilang feedback upang matiyak na ang Lungsod ay nananatiling isa sa pinakamagagandang lugar na tirhan, lumago at mamuhunan. Ang feedback ng komunidad ay isang napakahalagang hakbang sa pagtulong sa paghubog ng 2024 badyet ng Brampton.

Para sa proseso ng 2024 badyet, si Mayor Patrick Brown, ang mga Konsehal at staff ay magho-host ng serye ng mga pagkakataon ng pakikilahok ng publiko upang mas maunawaan kung ano ang pinakamahalaga sa mga residente, negosyo, mga pangkat sa komunidad at mga lokal na stakeholder ng Brampton.

**I-save ang mga Petsa upang Iparinig ang Iyong Opinyon**

*Business Virtual Roundtable ng Brampton*

Martes, Nobyembre 21, 2023
9:30 am

Upang mag-register, paki-click dito.

*Telephone Town Hall*

Si Mayor Patrick Brown at ang kawani ng Lungsod ay magho-host ng isang Telephone Town Hall na magbibigay sa mga residente ng pagkakataon upang ibahagi ang mga prayoridad ng komunidad, magtanong, at magbigay ng mga ideya habang inihahanda ang 2024 badyet ng Brampton.

Martes, Nobyembre 21, 2023
7 pm - 8:30 pm

Upang mag-sign up para makatanggap ng tawag at makinig, paki-click dito.

Pwede ring makinig ang mga residente online dito.

*Ward Coffee Chats*

Sumama kay Mayor at sa inyong mga Konsehal sa lokal na lugar para sa isang coffee chat na drop-in style. Ang mga residente ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang mga ideya, solusyon at mga prayoridad sa komunidad.

**Miyerkules, Nobyembre 22, 2023**

Ang mga Rehiyonal na Konsehal na sina Michael Palleschi at Navjit Kaur Brar na kumakatawan sa Wards 2 at 6
Oras: 7 pm hanggang 8:30 pm
Lokasyon: Fellowship Hall sa Grace Canadian Reformed Church, 10301 Creditview Road, Brampton ON

Lunes, Nobyembre **27, 2023**

Ang mga Rehiyonal Konsehal na sina Paul Vicente at Rowena Santos na kumakatawan sa Wards 1 at 5
Oras: 5 pm hanggang 6:30 pm
Lokasyon: Fan "D" Flame Restaurant, 30 Gillingham Drive, Unit 503, Brampton ON

Mga Rehiyonal na Konsehal na sina Martin Medeiros at Dennis Keenan na kumakatawan sa Wards 3 at 4
Oras: 7 hanggang 8:30 pm
Lokasyon: Chatime, 150 West Drive, Unit 101A, Brampton ON

Martes, Nobyembre **28, 2023**

Rehiyonal na Konsehal na si Pat Fortini at Konsehal ng Lungsod na si Rod Power na kumakatawan sa Wards 7 at 8
Oras: 3 pm hanggang 4:30 pm
Lokasyon: Molisana Bakery, 2 Philosophers Trail, Brampton ON

Rehiyonal na Konsehal na si Gurpartap Singh Toor at Deputy Mayor at Konsehal ng Lungsod na si Harkirat Singh representing Wards 9 and 10
Oras: 7 pm hanggang 8:30 pm
Lokasyon: My Tea Bar, 10960 Goreway Drive, Unit A1, Brampton ON

**Tungkol sa Proseso ng Pagbuo ng Badyet ng Brampton**

Ang proseso ng taunang badyet ng Lungsod ay nagpapasali, nagbibigay kaalaman at nag-aabiso sa mga mamamayan ng Brampton sa pamamagitan ng komunikasyon at mga pagsisikap ng pagpapalahok, kabilang ang mga telephone town hall, coffee chat, patalastas, news release, social media, at sa website ng badyet ng Lungsod.

Ang pinanukalang badyet ay ipo-post sa website ng Lungsod sa Miyerkules, Nobyembre 29, 2023, kapag kapag pormal na itong naipresenta ni Mayor Patrick Brown.

Ang mga pampublikong delegasyon at mga talakayan ng Konseho ay magsisimula sa Martes, Disyembre 5, na ang pinal na pag-apruba sa badyet ay pinlano para sa Disyembre 13, 2023.

*Ang Municipal Act, 2001*, ay nagbabalangkas sa mga kapangyarihan at tungkulin hinggil sa badyet ng Lungsod na ngayo ay ibinigay sa Mayor. Ipinapahayag ng lehislasyon na *"ang pinuno ng konseho ay, ayon sa mga regulasyon, maghahanda ng pinanukalang badyet para sa Lungsod at ibibigay ang pinanukalang badyet sa konseho ng lungsod para pag-isipan ng konseho ng lungsod."*

Kapag inilalabas ng Mayor ang pinanukalang Badyet sa Konseho, magsisimula ang 30-araw na yugto para pag-isipan ng Konseho ang badyet, kung kailan maaaring gamitin ng Konseho ang mga Resolusyon para baguhin ang badyet ng Mayor. Maaari ring bawasan ng Konseho ang yugto na 30-araw sa pamamagitan ng resolusyon. Pagkalipas na ma-expire ang 30-araw (o iniklian) na yugto, ipinagpapalagay na ang Badyet ay tinanggap (kung walang ipinasa na mga resolusyon ng Konseho upang baguhin ang Badyet).

Kung ipinasa ang resolusyon ng Konseho, ang Mayor ay may 10-araw na yugto upang pag-isipan ang pagbasura sa resolusyon ng Konseho na baguhin ang badyet. Ang anumang pasya ng Mayor na ibasura ang isang resolusyon ng Konseho na nagbabago sa badyet ay mag-aapela ng isang 15-araw na yugto para pag-isipan ng Konseho na pangibabawan ang pasya ng mayor na ibasura sa pamamagitan ng pagboto ng two-thirds ng lahat ng miyembro ng Konseho.

**Strategic na Plano ng Corporate ng Lungsod ng Brampton**

Ang badyet ng taon na ito ay sumusuporta sa Strategic na Plano ng Corporate ng Lungsod ng Brampton 2022-2026, na nagbibigay prayoridad sa anim na focus areas:

- Pagpapalago sa mga Urban Centre at Kapitbahayan,
- Kultura at Pagkakaiba-iba,
- Kalusugan at Kabutihan,
- Pangkapaligirang Pagkamadaling Nakakabangon at Pagiging Sustenable,
- Transit at Pagiging Konektado, at
- Pamahalaan at Liderato

Ang Strategic na Plano, na isasapubliko sa publiko sa bandang huli ng taon na ito, ay nagtatakda sa konsteksto ng mga badyet, master plan, proyekto, serbisyo at resource ng Lungsod.

**Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2024 badyet ng Lungsod ng Brampton, www.Brampton.ca/budget.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpipresenta saPagpupulong ng Konseho ng Lungsod, bisitahin ang Lungsod ng Brampton | Konseho at mga Komite | Dumalo sa mga pampublikong pagpupulong, lumahok o sumali sa isang komite.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca